UK Government

ANO ANG GAGAWIN KAPAG MAY NAMATAY SA PANAHON NG PANDEMIKONG COVID-19

Maaaring kapakipakinabang ang polyetong ito sa iyo kung namatayan ka sa pandemikong Covid-19.

Ang impormasyon ay magagamit sa mga namatay sa Covid-19 at pagkamatay mula sa ibang dahilan. Ang gabay na ito, para sa mga nakatira sa England, ay bilang pandagdag sa impormasyon sa polyetong 'Ano ang gagawin kapag may namatay (What to do when someone dies)' at sa **gov.uk/when-someone-dies**.

Nagbabahagi ang polyetong ito ng mahalagang impormasyon para matulungan ang mga naulilang pamilya, mga kaibigan o kamag-anak na gumawa ng mahahalagang desisyon sa panahon ng pambansang emerhensiyang ito. Ipinapaliwanag nito ang mga susunod na hakbang, sinasagutan ang mga tanong at ginagabayan ka sa tulong at suportang makukuha.

Sinasagutan din nito ang mga karaniwang tinatanong kapag may namatay sa panahon ng pandemikong Covid-19. Marami pang detalye sa bawat elemento ang makikita sa polyetong ito mamaya.

- **Maisasagawa pa ba ang mga pagpapalibing at sino ang makakadalo dito?**
  - o Maisasagawa pa rin ang mga pagpapalibing ngunit sasailalim sa mga batas sa panlipunang pagdidistansya (social distancing) na kasalukuyang nakatakda. Nangangahulugan ito na ang dami ng dadalo sa libing ay dapat limitado. Makikita ang higit pang payo sa dokumentong ito at sa **gov.uk/government/publications/covid-19-guidance-for-managing-a-funeral-during-the-coronavirus-pandemic/covid-19-guidance-for-managing-a-funeral-during-the-coronavirus-pandemic**
- **Dapat bang gawin agad ang pagpapalibing?**
  - o Oo, dapat itong gawin sa lalong madaling panahon. Makikita sa polyetong ito ang higit pang payo kung paano padaliin ito.
- **Anong suportang pinansiyal ang makukuha?**
  - o May isang hanay ng suportang pinansiyal na makukuha ng namatayan na maaaring nararapat ka. Makikita ang higit pang mga detalye sa **gov.uk/when-someone-dies.**

- **Saan ako makakakuha ng suporta sa pagluluksa?**
  - o Kapag may namatayan, maaaring napakahirap at mapanghamong oras nito. Mas malamang ito sa mga namatayan at nagluluksa sa pandemikong Covid-19. Ang impormasyon kung saan hihingi ng tulong ay nakasaad sa ibaba at sa **gov.uk/coronavirus-funeral-advice**
- **Paano ako magluluksa kung hindi ako makakadalo sa libing?**
  - o Ang pagsasagawa ng mga online na libing, paggawa ng mga libro ng pakikiramay, o pagsasagawa ng mga karagdagang kaganapan sa pag-aalaala sa ibang petsa ay maaaring makatulong sa mga hindi makakadalo sa libing. Ang mga karagdagang suhestyon ay nakasaad sa dokumentong ito.

Mga isasagawang hakbang kapag may namatay

1. Iparehistro ang pagkamatay

Maliban kung ang pagkamatay ay ini-refer sa coroner, ang pagkamatay ay kailangang maiparehistro sa Tagapagrehistro ng mga Kapanganakan, Kamatayan at Kasal (Registrar of Births, Deaths and Marriages) sa loob ng 5 araw.

Para sa mga detalye sa mga pagbabago sa pagpaparehistro ng mga pagkamatay sa Covid-19 outbreak, kontakin ang lokal mong tagapagrehistro. Ang gabay at tulong para mahanap ang lokal mong tanggapan ay makikita sa **gov.uk/register-a-death**.

Maaaring ibinigay ng doktor na lumagda ng Sertipikong Medikal ng Sanhi ng Kamatayan ang mga detalye mo sa pakikipag-ugnay sa tagapagrehistro upang makontak ka nila para ayusin ang pagpaparehistro. Subalit, maaaring gustuhin mong kontakin nang maaga ang Opisina ng Pagpaparehistro para makumpleto ang proseso ng pagpaparehistro at makapagpatuloy ka sa pag-aayos ng libing.

Sa panahong Covid-19, magbibigay ang tagapagrehistro ng 'sertipiko para sa paglibing o pag-cremate' sa awtoridad ng paglibing o pag-cremate at maaari ring magpadala ng kopya sa napili mong direktor ng libing. Papayuhan ka ng iyong direktor ng libing tungkol sa anumang iba pang mga form na kailangan bago ituloy ang paglibing o pag-cremate.

Maaari kang bigyan ng tagapagrehistro ng kopya o ng mga kopya ng sertipiko ng kamatayan, na kailangan mo kung may estate na aayusin.

2. Ayusin ang libing

Magpapatuloy ang mga libing sa Covid-19 outbreak. Ang mga tagapaglaan ng serbisyo sa pagpapalibing, tulad ng mga direktor ng libing at mga punerarya ay mananatiling bukas.

Para masiguro na ang mga organisasyong namamahala ng mga libing ay makakayanan ang dumaraming pagkamatay, mahalaga na ang **mga pagpapalibing ay hindi maantala**. Nauunawaan namin kung gaano ito kahirap para sa iyo, subalit ang kasalukuyang gabay ay itatalaga para sa **nakikinitang hinaharap** para sa kaligtasan ng lahat.

Maaari lang maganap ang pagpapalibing matapos maiparehistro ang pagkamatay. Ang karamihan sa mga tao ay gumagamit ng direktor ng libing, bagaman maaaring ikaw mismo ang mag-ayos ng libing (tingnan ang **naturaldeath.org.uk/** para sa payo sa pag-aayos ng libing nang ikaw mismo). Maaari mo ring kontakin ang iyong lokal na sementeryo at departamento ng crematorium ng konseho para sa payo kung nais mong ikaw mismo ang mag-ayos.

Kung gumagamit ng direktor ng libing, makakapili ka ng isa na miyembro ng alinman sa:

1. National Association of Funeral Directors
2. The National Society of Allied and Independent Funeral Directors (SAIF)

Hindi ka limitado sa paggamit ng sinumang partikular na direktor ng libing, at maaaring lumapit sa ilan para ihambing ang kanilang mga serbisyo at presyo.

Ang ilang lokal na konseho ay nagpapatakbo ng sarili nilang mga serbisyo sa pagpapalibing. Ang British Humanist Association at Institute of Civil Funerals ay makakapagbigay din ng payo tungkol sa mga hindi panrelihiyong mga serbisyo sa pagpapalibing.

Kung pumili ka ng direktor ng libing, ang katawan ay kukunin at dadalhin sa punerarya o morge. Dahil sa Covid-19 **maaaring hindi posible sa kasalukuyan na pumunta ka sa punerarya**. Dapat mong sundin ang payo ng iyong direktor ng libing at lokal na awtoridad.

Pinapayuhan kang **hindi sumali sa mga ritwal o kasanayan na kung saan lalapit ka sa katawan**. Kapag may mga aspeto ng pananampalataya na kasama ang malapitang kontak sa katawan, ang kontak ay dapat **limitado sa mga nakasuot ng Personal Protective Equipment (PPE)** sa ilalim ng

pangangasiwa ng taong sinanay sa angkop na paggamit ng PPE. Maaari mong kausapin ang iyong direktor ng libing tungkol sa posibilidad ng ligtas na pagsasaaayos ng pagbisita para hugasan, bihisan at magsagawa ng anumang pangrelihiyong gawain. Subalit, **maaaring hindi posibleng pumunta sa morge**. Maaari ding payuhan ka ng mga pangkat ng komunidad sa pananampalataya kung ano ang posibleng gawin.

3. Sabihin sa pamahalaan ang tungkol sa kamatayan

Pinahihintulutan ka ng serbisyong Tell Us Once na abisuhan ang sentral at lokal na mga departamento ng pamahalaan at hanay ng mga plano sa pensyon para sa pampublikong sektor kapag may namatay. Bibigyan ka ng Tagapagrehistro ng bukod-tanging numerong sanggunian kapag ipinarehistro mo ang pagkamatay o kumuha ka ng pansamantalang sertipiko ng kamatayan. Maa-access mo ang serbisyo sa pamamagitan ng telepono o online. Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa **gov.uk/tell-us-once**.

Kailangan mo ring abisuhan nang hiwalay ang mga bangko, kompanya ng utility at mga kasera o samahan ng pabahay.

Maaaring hindi mo ma-access ang Tell us Once na serbisyo kung:

- Hindi naghahandog ang lokal mong opisina ng pagpaparehistro ng serbisyong Tell Us Once
- Namatay sa ibang bansa ang tao **kung saan hindi inaalok ang Tell Us Once**
- Hindi mo ito magamit o nahihirapan kang gamitin ang mga online na serbisyo

Kung hindi mo ma-access ang serbisyong Tell Us Once, kailangan mong kontakin isa-isa ang mga nauugnay na organisasyon. Maaaring kasama sa mga ito ang:

- HMRC
- National Insurance Contributions Office
- Child Benefit Office
- Tax Credit Office
- Department for Work and Pensions
- Pension Tracing Service / Veterans UK (para sa pensyon ng mga sandatahang lakas)
- Driver and Vehicle Licensing Agency (DVLA)

4. Paghahanda sa libing

Ang mga komunidad, organisasyon at indibidwal ay mariin na pinapayuhan na kumilos upang mabawasan ang peligro ng pagkalat ng impeksyon sa Covid-19 sa mga nagdadalamhati na nagtitipon upang makiramay, na may partikular na pagtuon sa pagprotekta sa mga taong madaling magkasakit at mas malamang na magkaroon ng malubhang sakit. Kasama sa mga pagkilos na ito ang:

- Ang paglimita sa bilang ng nagdadalamhati sa kaunting tao hangga't maaari ay para masiguro na ang ligtas na layo na hindi bababa sa **2 metro** (6 na talampakan) ay mapananatili sa pagitan ng mga indibidwal. Kasama ng direktor ng libing, chapel attendant, at mga kawani sa paglibing, tanging ang sumusunod ang dapat dumalo:
  - o Mga miyembro ng sambahayan ng namatay
  - o Ang mga kagyat na miyembro ng pamilya at/o malalapit na kaibigan ay maaaring dumalo nang hanggang sa pinakamaraming bilang na pinahihintulutan.
- Ang **laki at kalagayan ng lugar** ang tutukoy sa pinakamaraming bilang na maaari habang isinasagawa rin ang panlipunang pagdidistansya (social distancing), pero ang mga bilang ay dapat mapababa hangga't maaari. Ang mga tagapamahala ng lugar ay maaaring magtalaga ng pinakamaraming bilang upang masiguro ito at aabisuhan ang inyong direktor ng libing tungkol sa pinakamaraming bilang ng papayagang magluksa, na dapat mong sundin.
- Ang mga nagluluksa ay dapat sumunod sa gabay sa **paghuhugas ng kamay** at pagpigil sa pagkalat ng impeksyon.
- Ang mga nagluluksa ay dapat ding sumunod sa payo sa **panlipunang pagdidistansya (social distancing) kapag nagbibiyahe papunta sa at mula sa pagtitipon para sa libing.**
- Ang mga nagluluksa na **ibinubukod ang sarili nang 14 na araw** dahil may miyembro ng kanilang sambahayan ang may sakit at may sintomas ng Covid-19 pero sila mismo ay walang sintomas ay dapat **maisaayos na dumalo sa libing nang personal** kung gusto nila, na may nakatalagang mga proseso para mabawasan ang peligro ng pagkahawa.
- Ang mga nagluluksa na **madaling magkasakit o nasa pinoprotektahang pangkat ay dapat ding isaayos para makadalo**, na may mga prosesong nakatalaga para mapababa ang peligro ng pagkahawa.

- Ang sinumang nagluluksa na **nagpapakita ng mga sintomas ng Covid-19 (isang bagong patuloy na ubo o mataas na temperatura) ay hindi dapat dumalo sa libing** dahil sila ay banta ng peligro sa iba; dapat isaalang-alang ang malayuang partisipasyon .

Maraming pamilya ang nagpaplano **ng karagdagang mga kaganapan sa pag-aalaala sa ibang petsa o nagsasagawa ng mga online na pag-aalaala** para ang mga nagluluksa ay maaaring ligtas na makiramay. Maaari ding makatulong ang mga online na libro ng pakikiramay. Ang pagtulong sa pagplano ng seremonya, kahit na hindi sila personal na makadalo, ay maaaring makapagbigay ng ginhawa sa mga nagluluksa.

Ang mga dadalo ay dapat kumonsulta sa pinakabagong gabay ng Pamahalaan sa pagbibiyahe at panlipunang pagdidistansya (social distancing). Ang mga dadalo sa libing ay makakagamit ng **mga hotel** kapag hindi praktikal na umuwi.

Dapat mong konsultahin ang lokal mong awtoridad, direktor ng libing, namumuno sa relihiyon at/o **GOV.UK** para sa painakabagong payo sa libing.

5. Ayusin ang estate

Maaaring kailangan mong ayusin ang habilin (will), pera at pag-aari ng taong namatay kung ikaw ay malapit na kaibigan o kamag-anak, o ang tagapagpatupad ng habilin.

Maaaring kailangan kang mag-apply para maging probate upang magkaroon ng legal na karapatan para ayusin ang estate ng namatay. Makikita ang higit pang detalye sa gov.uk/applying-for-probate.

Bilang bahagi ng pag-apply para maging probate, kailangan mong tasahin ang halaga ng pera, pag-aari at mga lupa/bahay/gusali na pagmamay-ari (‘estate’) ng taong namatay. Kailangan mong kumpletuhin ang 3 pangunahing gawain para tasahin ang halaga ng estate:

1. Kontakin ang mga organisasyon tulad ng mga bangko o tagapaglaan ng utility tungkol sa ari-arian at mga utang noong tao.
2. Tantyahin ang halaga ng estate. Maaapektuhan nito kung paano mo iuulat ang halaga sa HMRC, at mga deadline sa pag-ulat at pagbabayad ng anumang Buwis sa Mana. Karamihan ng mga estate ay hindi binubuwisan.
3. Iulat ang halaga sa HM Revenue and Customs (HMRC).

Makikita ang higit pang mga detalye at suporta sa bawat yugto sa **gov.uk/valuing-estate-of-someone-who-died**

Kailangan mo ring i-update ang mga tala ng pag-aari:

- Kapag namatay ang kasamang may-ari
  - o Kapag namatay ang kasamang may-ari, punan ang form na DJP para alisin ang pangalan nila mula sa rehistro.
  - o Ipadala ang nakumpletong form sa HM Land Registry, kasama ng opisyal na kopya ng sertipiko ng kamatayan.
- Kapag ang tanging may-ari ng pag-aari ay namatay, ang pag-aari ay karaniwang ililipat sa alinman sa sumusunod:
  - o Taong magmamana ng pag-aari (kilala bilang 'ang benepisyaryo')
  - o Isang ikatlong partido, halimbawa, taong bumibili ng pag-aari

Makikita ang higit pang detalye at mga link sa nauugnay na mga papeles dito: **www.gov.uk/update-property-records-someone-dies**

Mga pagkamatay na inuulat sa coroner

Maaaring iulat ng doktor ang pagkamatay sa coroner sa ilang dahilan, kasama ang:

- Hindi alam ang dahilan ng pagkamatay
- Ang pagkamatay ay marahas o hindi natural
- Ang pagkamatay ay biglaan at hindi maipaliwanag

Maaaring magpasya ang coroner kung kailangan ang post-mortem na eksaminasyon para malaman kung paano namatay ang tao. Magagawa ito sa ospital man o pampublikong morge. Matapos ang post-mortem na eksaminasyon, kung ang katawan ay inilabas nang walang pagtatanong, magpapadala ang coroner ng form ('Pink Form - form 100B') sa tagapagrehistro na nagsasaad ng dahilan ng pagkamatay. Magpapadala rin ang coroner ng 'Certificate of Coroner - form Cremation 6' sa awtoridad ng pag-cremate kung ang katawan ay ike-cremate o ang 'Coroner's Order for Burial' kung ililibing ang katawan. Maipaparehistro mo pagkatapos ang pagkamatay at makakatanggap ka ng mga kopya ng sertipiko ng kamatayan.

Dapat magsagawa ang coroner ng pagtatanong kung ang dahilan ng pagkamatay ay hindi pa rin alam, o kung ang tao ay posibleng namatay nang

marahas o hindi natural na pagkamatay o namatay sa kulungan o sa kustodiya ng pulis.

- Hindi mo mapaparehistro ang pagkamatay hanggang makalipas ang pagtatanong.
- Makakapagbigay ang coroner ng pansamantalang sertipiko ng kamatayan para patunayan na patay na ang tao. Magagamit mo ito para ipaalam sa mga organisasyon ang pagkamatay at mag-apply para maging probate.
- Kapag tapos na ang pagtatanong, sasabihin ng coroner sa tagapagrehistro kung ano ang ilalagay sa rehistro.

Suporta sa pagluluksa

Kailanman maganap ang pagkawala ng kaibigan o mahal sa buhay, ito ay maaaring napakahirap at mapanghamong panahon. Mas malamang ito sa mga namatayan at nagluluksa sa pandemikong Covid-19 .

Maaaring mahirapan sa shock ang mga namatayang tao, di lang sa pagluluksa ngunit ang mga batas sa panlipunang pagdidistansya (social distancing) ay nangangahulugan na hindi sila makakapagpaalam sa paraan na gusto nila. Maaaring mahirap ito sa mga mag-isang nakabukod, at maaaring mas mahirap na kumonekta sa mga karaniwang network ng suporta.

Maaaring gustuhin mong sundin ang payo sa ibaba, para makatulong na makayanan ang mga hirap upang malampasan ang pagluluksa:

Gawin ang:

- Maglaan ng oras para makatulog nang sapat (ang karaniwan mong tagal ng tulog), magpahinga at mag-relax, at kumain nang regular at masustansya.
- Sabihin sa mga tao ang kailangan mo.
- Kausapin ang mga taong pinagkakatiwalaan mo. Hindi mo kailangang sabihin sa lahat ng tao ang lahat ng bagay pero madalas hindi nakakatulong na walang sabihan.
- Mag-ingat sa bahay o kapag nagmamaneho o nakasakay - mas karaniwan ang mga aksidente makalipas ang isang nakaka-trauma o nakaka-stress na kaganapan.
- Subukang bawasan ang mga obligasyon mo sa labas at huwag umako ng mga ekstrang responsibilidad sa ngayon.

- Maglaan ng oras para pumunta sa lugar kung saan ligtas ang pakiramdam mo at kalmadong isipin ang nangyari. Huwag puwersahin ang sarili mong gawin ito kung masyadong matindi ang nararamdaman sa ngayon.

Huwag

- ipunin ang mga nararamdamang ito. Isipin kung makakatulong na talakayin ito sa taong pinagkakatiwalaan mo. Maaaring hindi agad mawala ang mga alaala.
- mahiya dahil sa nararamdaman mo at naiisip, o iniisip ng ibang tao. Mga normal na reaksyon ito sa isang labis na nakaka-stress na kaganapan.
- iwasan ang mga taong pinagkakatiwalaan mo.

May ilang mga serbisyo at organisasyon na maaaring sumuporta sa iyo at sa pamilya mo sa panahon ng pagluluksa, kasama ang:

- Maghanap ng mga serbisyo sa pagluluksa mula sa konseho niyo.
  - **gov.uk/find-bereavement-services-from-council**
- Impormasyon at suporta ng NHS sa pagluluksa.
  - **nhs.uk/conditions/stress-anxiety-depression/coping-with-bereavement/**
- Hakbang-hakbang na gabay ng pamahalaan matapos mamatayan.
  - **gov.uk/after-a-death**
- Ang Cruse Bereavement Care ay may mga dulugan kung paano maaapektuhan ang pagkamatay at pagluluksa ng pandemikong ito at kung paano suportahan ang mga bata sa panahon ng pandemiko.
  - **cruse.org.uk/get-help/coronavirus-dealing-bereavement-and-grief**
  - **cruse.org.uk/coronavirus/children-and-young-people**
  - Tumawag sa 0808 808 1677
- Ang At a Loss ay nagbibigay ng signposting at mga serbisyo sa buong UK, pati na ang mga online na serbisyo sa pagpapayo.
  - **ataloss.org**

- Naghahandog ang Compassionate Friends ng suporta sa mga pamilya makalipas ang pagkamatay ng anak anuman ang edad at anuman ang dahilan.
  - **tcf.org.uk**
  - Tumawag sa 0345 123 2304
- May impormasyon ang Childhood Bereavement Network at mga link sa mga pambansa at lokal na pangsuportang organisasyon.
  - **childhoodbereavementnetwork.org.uk**
- Ang partikular na suporta sa LGBT ay makukuha mula sa:
  - Switchboard - isang serbisyong pakikinig para sa mga LGBT+ sa telepono, email at sa pamamagitan ng Instant Messaging **switchboard.lgbt**
  - MindOut - mga serbisyong suporta sa adbokasiya at online para sa pagpapabuti ng kalusugan ng pag-iisip at kabutihan ng kalagayan ng mga LGBTQ na komunidad. **mindout.org.uk**
  - London Friend - naghahandog ng suporta sa kalusugan ng pag-iisip, kasama ang mga online na peer support forum, video counselling, at mga plano sa pagpigil sa krisis sa kalusugan ng pag-iisip. **londonfriend.org.uk**
  - LGBT Foundation - naghahandog ng pagpapayo at pakikipagkaibigan, pati na helpline. **lgbt.foundation**
- Ang partikular na suporta ng BAME ay makukuha mula sa:
  - Ang lokal mong konseho na maaaring may mga partikular na serbisyo sa BAME sa kanilang website.
  - Mga pagpipiliang tagapayo ng BAME na maaaring makuha mula sa anumang serbisyo ng suporta na napili mo.
  - Ang BAATN (Black, African and Asian Therapy Network) na kumakatawan sa malaking komunidad ng mga tagapayo at mga psychotherapist ng mga Itim, Aprikano, Asyano at may Caribbean Heritage sa UK. Ipinagbibigay-alam namin na may bayad ang serbisyong ito. **baatn.org.uk** | 020 3600 0712

Maaari mong kontakin ang iyong GP o NHS111 tungkol sa mga posibleng sintomas ng pagkaligalig, depresyon o post traumatic disorder. Makakakuha ng karagdagang suporta sa mga isyung ito sa pamamagitan ng NHS Choices (**NHS.uk**) o tawagan ang Samaritans sa 08457 90 90 90.

Ang gabay na ito ay para sa England. May makukuha ring suporta sa Scotland, Northern Ireland at Wales.